FABalita
OPISYAL NA BUWANANG PAHAYAGAN NG AUTHORITY OF THE FREEPORT AREA OF BATAAN
freeportareaofbataan | freeportareaofbataan | info@afab.gov.ph | #WEareFAB

"Let's challenge ourselves to break barriers, push boundaries, and set new standards. Let us measure our success not just by the tasks we complete but by the impact we make. Let our success be measured beyond the numbers – be it measured by the lives that we have helped improve."

# Masayang kapaskuhan sa Freeport Area of Bataan, muling sinalubong sa pagbubukas ng FAB Fair 2023

Muling nabalot ng saya at kulay ang paligid ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) Administration Building sa taunang dalawang buwan na pagsalubong nito sa kapaskuhan sa Freeport Area of Bataan (FAB).

Sa temang *"Where Happiness, Passion, and Play Unite"*, kasalukuyang inihahatid ng FAB Fair 2023 ang mga kinasasabikang pagdiriwang na siksik sa papremyo't saya.

Tampok rin dito ang iba't ibang mga negosyong naghanda ng mga bagong katatakamang pagkain, mga kalidad na produktong gawang atin, pati na rin ang export-quality products ng mga rehistradong negosyo sa FAB.

Sa pormal na pagbubukas nito noong 8 Nobyembre 2023, sinimulan itong dumugin at tangkilikin ng mga lokal na mamamayan ng Mariveles at sadyain ng mga turista mula pa sa iba't ibang bayan ng Bataan.




Nabalutan ng kulay ang arko ng FAB Fair 2023 sa pormal na pagbubukas nito hudyat ng pagsisimula ng selebrasyon ng kapaskuhan sa Freeport Area of Bataan (FAB).

Sa tradisyong ito na hinubog ng mahabang panahon, walang maliw na ipinipinta ng FAB Fair ang larawan ng isang masaya, masagana, at nagkakaisang komunidad.

Nakatakdang magtapos ang FAB Fair sa 23 Disyembre 2023 at inaanyahan ang lahat na makisaya at saksihan ang makulay na pagdiriwang ng kapaskuhan sa FAB. ■

## AFAB, muling umani ng papuri sa pagdinig sa Senado



AFAB Administrator & CEO Pangandaman kasama ang pamunuan ng AFAB sa tagumpay na mga pagpupulong at pagdinig sa senado ukol sa mungkahing budget para sa susunod na taon.

Dagling inaprubahan ang mungkahing 2024 Fiscal Year Proposed Expenditure ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) sa isinagawang 2024 Budget Deliberations noong 20 Nobyembre 2023.

Ipinahayag ng Pangulo ng Senado na si Juan Miguel Zubiri ang kaniyang pagkilala sa bagong lider ng AFAB na si Administrator & CEO Mohammed Hussein Pangandaman na isang mabuting kasamahan sa kongreso.

Patuloy namang umani ng papuri ang AFAB mula naman kay Senador Joel Villanueva. Aniya, "I've been a fan of AFAB, not only because it is in Region 3 but because of the fact that there's so many things going on in there. I remember when I was in TESDA we had a partnership to create more jobs and we were able to convince a lot of locators in that area. I would just like to put on record my full support to the budget of AFAB."

Dagdag pa ni Senador Zubiri, "Good news, we are amending the CREATE law to hopefully bring back your regime and your control of your incentives, congratulations in advance for that."

Kasama ni Administrator & CEO Pangandaman, dumalo rin sa pagdinig sina Deputy Administrator for Support Services Malou L. Herrera, Deputy Administrator for Operations Atty. Michael Angelo P. Paderanga, Group Head Atty. Percival Peralta, at ilang miyembro ng pamunuan ng AFAB. ■

# Tungo sa pag-usbong ng mga bagong ugnayan, South Korea, sinuyod ng AFAB




AFAB Administrator & CEO Pangandaman kasama ang ilang opisyal ng AFAB sa makabuluhang investment mission sa South Korea.

**SEOUL, SOUTH KOREA** - Bumisita si Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) Administrator & CEO Mohammed Hussein Pangandaman, kasama sina Office of the Administrator Group Head Atty. Percival Peralta, at Registration Division OIC Alejandro Sugatain sa Japan upang makagawa ng mga bagong ugnayan tungo sa pag-usbong ng mga negosyo sa Freeport Area of Bataan (FAB).

Nagsimula ang outbound investment mission ng grupo noong 15 Nobyembre 2023 sa Philippine Embassy sa Seoul na binuo ng pagpupulong sa Philippine Trade and Investment Center (PTIC) - Seoul kasama si Commercial Counselor Jose Ma. S. Dinsay at courtesy visit kay Ambassador Ma. Theresa B. Dizon-De Vega.

Sa mga sumunod na araw, sinundan naman ito ng pagpupulong kasama ang Korean Blockchain Federation, Samsung Climate Control, Genesis BBQ Group, at pagdalo sa Conference in Innovative Middle Market Enterprise ng Federation of Middle Market Enterprises of Korea (FOMEK). ■

# AFAB, nagtanim ng magandang ugnayan sa bansang Hapon



Mga opisyal ng AFAB kasama ang mga delagado mula sa iba't-ibang ahensya ng pamahalaan sa matagumpay na investment mission sa Japan.

**OSAKA, JAPAN - Lumipad patungong Japan sina Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) Deputy Administrator for Operations Atty. Michael Angelo Paderanga, Chief of Staff Augusto Kimpo, at Head Executive Assistant Maria Loreto Quicho upang dumalo sa ilang pagpupulong at aktibidad sa layuning gumawa ng mga bagong ugnayan para sa paglago ng Freeport Area of Bataan (FAB).**

Sa unang araw, 14 Nobyembre 2023, binisita ng grupo si Consul General Voltaire Mauricio at Philippine Trade and Investment Center-Osaka (PTIC-Osaka). Kasama ng AFAB ang iba pang mga delegadong representante ng iba't ibang Investment Promotion Agencies (IPAs) tulad ng Bases Conversion and Development Authority (BCDA), Subic Bay Metropolitan Authority (SBMA), Poro Point Management Corporation (PPMC), at Subic Clark Alliance for Development (SCAD).

Sinundan naman ito ng pagpupulong kasama ang Osaka International Business Promotion Center (OIBPC), Property Group Transportation at Hankyu Hanshin Toho Group na may iba't ibang uri ng negosyo kabilang ang mga department store, supermarket, urban transportation, real estate, hotel, at entertainment.

Sa pamamagitan ng mga aktibidad na ito, itinataguyod ng AFAB ang makabuluhang ugnayan sa mga mamumuhunan ng bansang Hapon na tiyak magpapayabong ng ekonomiya sa Freeport. ■

## FAB BITS



Nagsimula na ang unang bugso ng pamamahagi ng libreng FABurger para sa mga manggagawa bilang bahagi ng pagdiriwang ng ika-14 anibersaryo ng FAB. Ang AFAB ay unang bumisita sa Mitsumi Philippines, Inc. at planong ituloy ang nasabing gawain bilang munting regalo sa mga manggagawang nagsusumikap sa araw-araw na operasyon sa tungo sa masagana at progresibong ekonomiya ng FAB. ■



Isang gabing puno ng saya, sayawan, at musika ang inihanda ng AFAB Gender and Development Committee para sa ating mga lolo at lola bilang bahagi ng mga programa nitong nagbibigay halaga at pasasalamat sa iba't ibang miyembro ng komunidad ng FAB. Ito rin ay parte ng pakikiisa ng AFAB sa nagdaang Elderly Filipino Week. ■



Pinarangalan ng Asian Patent Attorneys Association (APAA) Enduring Award si AFAB former Chairman Gancayco noong 7 Nobyembre sa Singapore bilang pagkilala sa natatangi nitong pakikipag-ugnayan, kontribusyon, at katapatan sa samahan. Patunay ito ng kanyang husay sa pamumuno - isang halimbawa para sa mga kawani ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB). ■



Inilunsad ng Authority of the Freeport Area ng Bataan (AFAB) ang bagong nitong patrol at rescue boat na bininyagan sa pangalang M/B FAB Patrol. Isang seremonya ang ginanap noong 08 Nobyembre 2023 bago isinagawa ang inaugural plunge nito na pinamumunuan ni Father Raymond Gutang. Pagkatapos ng maikling seremonya, isinagawa ni AFAB Administrator & CEO Mohammed Hussein Pangandaman ang tradisyunal na pagbasag ng isang bote ng alak sa katawan ng bangka. ■